Australian Government

TAGALOG

Istratehiya ng Pamahalaan ng Australia Laban sa Pagtatrapiko ng Mga Tao (Australian Government Anti-People Trafficking Strategy)

Pagtatrapikong papasok ng Mga Tao

Ang pagtatrapiko ng mga tao ay isang kumplikadong krimen at isang paglabag sa karapatang pantao. Nakapangako ang Pamahalaan ng Australia sa pakikipaglaban sa krimeng ito at sa pagbibigay sa mga biktima ng naaangkop at makataong suporta.

Isang napaka-kakaibang krimen ang pagtatrapiko ng mga tao sa pagpupuslit – ng mga tao. Ang pagtatrapiko ng mga tao ay ang pisikal na pagtatawid ng mga tao sa mga hangganan sa pamamagitan ng mapanlinlang na mga paraan, panggigipit o pamumuwersa. Ang mahalaga, nagaganyak ang mga nagtatrapiko ng mga tao sa posibilidad na mapagsamantalahan ang kanilang mga biktima sa sandaling marating nila ang patutunguhang bansa. Ang pagpupuslit ng mga tao, sa kabilang banda, ay ang nakaplano, iligal na pagtatawid ng mga tao sa mga hangganan, karaniwang sa batayang may kabayaran para sa serbisyo.

Habang may kakaunting maaasahang datos tungkol sa likas na katangian at abot-saklaw ng pagtatrapiko ng mga tao, mayroong pangkalahatang pagkakasundo na ang pagtatrapikong papasok ng mga tao ay nakakaapekto sa halos lahat ng bansa sa mundo. Ang likas na katangian ng pagtatrapiko ng mga tao ay paiba-iba sa bawat rehiyon. Ang pinakanakikitang anyo nito ay ang pagtatrapikong papasok ng mga kababaihan at kabataan para sa pagsasamantalang sekswal. Ngunit sa buong mundo, ang mga kalalakihan, kababaihan at kabataan ay itinatrapiko para sa malawak na hanay ng iba pang mga hangarin, kabilang ang puwersahang pagtatrabaho sa mga industriya tulad ng pagbibigay-aliw, construction, palagubatan, pagmimina o agrikultura, katulong sa bahay at murang-pasweldong patrabaho, ipinagbabawal na pag-aampon, pamamalimos sa kalye, puwersahang pagrerekluta sa milisya o sa mga hukbong sandatahan, o kaya pag-ani sa mga parte ng katawan.

Ang Tugon ng Pamahalaan ng Australia

Pinagtibay ng Australia ang *Kapulungan ng Mga Nagkakaisang Bansa laban sa Organisadong Krimen sa Iba't Ibang Bansa* (*United Nations Convention against Transnational Organized Crime)* noong 2004 at ang pandagdag dito na *Protokol upang Pigilan, Supilin at Parusahan ang Pagtatrapikong papasok ng Mga Tao, Lalo na ang mga Kababaihan at Kabataan* (*Protocol to Prevent, Suppress and Punish Trafficking in Persons, Especially Women and Children)* noong 2005. Mababa ang mga pagkakataong magtrapiko ng mga tao sa Australia dahil sa aming matatag na mga pagkontrol sa migrasyon at heograpikong pagkakahiwalay. Gayunpaman, patutunguhang bansa ang Australia para sa mga biktima ng pagtatrapiko, na higit sa lahat mula sa Asya.

Naitatag ang istratehiya ng Australia laban sa pagtatrapiko ng mga tao noong 2003, na may paunang pondong $20 milyon sa mahigit apat na taon. Inilaan ang karagdagang $38.3 milyon sa mahigit apat na taon sa 2007-08 na Badyet, kasama ang $26.3 milyon para sa mga bagong inisyatiba. Sa pangkalahatan, natutugunan ng istratehiya ng Australia laban sa pagtatrapiko ang buong ikot ng pagtatrapiko, mula sa pagrerekluta hanggang sa muling pagsasama-sama, at nagdaragdag ng katumbas na pansin sa mga mahahalagang lugar sa paghahadlang, pagmamanman at pagsisiyasat, pag-uusig at suporta sa biktima.

Talaan ng impormasyon ng Pamahalaan ng Australia, Hunyo 2009
Para sa higit pang impormasyon www.ag.gov.au/peopletrafficking

Kabilang sa mga pangunahing hakbang ang:

- Nakatalagang mga koponan ng Pulisyang Pederal ng Australia upang siyasatin ang mga pagpapatakbo ng pagtatrapiko ng mga tao.
- Isang *Pambansang Istratehiya sa Pagpupulisya upang Labanan ang Pagtatrapiko ng Mga Kababaihan para sa Sekswal na Pagsisilbi* (*National Policing Strategy to Combat Trafficking in Women for Sexual Servitude).*
- Mga pagsasa-ayos ng visa para sa pinaghihinalaang mga biktima ng pagtatrapiko.
- Mga hakbang ~~sa~~ na suporta sa biktima upang matulungan ang mga biktima ng pagtatrapiko.
- Ang mga posisyong Tagapagpatupad na Senior Migration Officer (Senior Migration Officer Compliance) sa Thailand, China at sa Pilipinas upang makatulong na mapigilan ang pagtatrapiko sa pinagmumulan nito.
- Isang tinutukoy na Istratehiya sa Pagkakaron ng Kamalayan sa Komunikasyon (Communication Awareness Strategy) na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagtatrapiko at ang makukuhang tulong.
- Lalong pinagbuting batas upang labanan ang pagtatrapikong papasok ng mga tao.
- Dinagdagang pakikipagtulungang panrehiyon upang labanan ang pagtatrapikong papasok ng mga tao.
- Suporta para sa Komonwelt Direktor ng Mga Pampublikong Pag-uusig (Commonwealth Director of Public Prosecutions) upang usigin ang mga bagay tungkol sa pagtatrapiko, kabilang ang pagpopondo at pagsasanay.
- Pagsisiyasat sa mga kalakaran ng pagtatrapiko sa aming rehiyon, kabilang ang pagtatrapiko sa patrabaho.
- Pagpapabalik at suporta sa muling pagkakasamasama para sa mga biktima ng pagtatrapiko sa kanilang mga bansang pinagmulan.

Pagpapabuti ng Suporta para sa Mga Biktima ng Pagtatrapiko at mga pagbabago sa Balangkas ng Visa sa Pagtatrapiko ng Mga Tao

Noong ika-1 ng Hulyo 2009, nagpatupad ang Pamahalaan ng mga pagbabago sa *Programa ng Suporta para sa Mga Biktima ng Pagtatrapiko ng Mga Tao* (*Support for Victims of People Trafficking Program)* (ang Programa) at ang *Balangkas ng Visa* sa *Pagtatrapiko ng Mga Tao (People Trafficking Visa Framework)* (*the Visa Framework*) mangangahulugan sa mga pagbabago na ang mga biktima ng pagtatrapiko sa Australia ngayon ay magkakaroon ng access sa mas umaangkop na balangkas ng suporta para sa kanilang mga sarili at mga pamilya.

Sa ilalim ng mga dating kaayusan, binuo ang Programa ng tatlong mga panig:

- Sangay ng Pagtatasa (Assessment Stream), na nagbigay ng masinsinang suporta para sa unang 30 araw pagkatapos kilalanin ang biktima.
- Sangay ng Suporta ng Hustisya (Justice Support Stream), na nagbigay ng patuloy na suporta hanggang sa pagsasakatuparan ng pagsisiyasat at/o pag-uusig sa pagtatrapiko.
- Sangay ng Suporta sa Pansamantalang Paglilitis (Temporary Trial Support Stream) na nagbigay ng malawakang suporta para sa mga kliyenteng bumalik sa Australia upang magbigay ng ebidensya sa pag-uusig na nauugnay sa pagtatrapiko.

Binubuo ang Balangkas ng Visa (Visa Framework) ng apat na mga visa:

- Bridging F visa.
- Visa para Manatili na Hustisya sa Krimen (Criminal Justice Stay visa).
- Visa para sa Proteksyon ng Saksi (Witness Protection visa) (Pagtatrapiko) (Pansamantala).
- Visa para sa Protekston ng Saksi (Witness Protection visa) (Pagtatrapiko) (Permanente).

Dati-rati, kinakailangang mayroong mga visa ang mga biktima ng pagtatrapiko na nasa ilalim ng Balangkas ng Visa (Visa Framework) upang ma-access ang iba't ibang mga sangay ng suporta sa ilalim ng Programa.

Kasama sa mga pagbabago sa pagpapatakbo ng Programa at Balangkas ng Visa (Visa Framework) ang:

1. Pag-aalis sa pagkakaugnay ng suporta sa biktima mula sa mga visa (De-linking victim support from visas).

Kinakailangan noong nakaraan na ang mga biktima ng pagtatrapiko na magkaroon ng partikular na uri ng visa sa ilalim ng Balangkas ng Visa sa Pagtatrapiko ng Mga Tao (People Trafficking Visa Framework) upang ma-access ang suporta sa biktima. Mula ika-1 ng Hulyo 2009, magagawang mai-access ng mga biktima ng pagtatrapiko na may anumang balidong visa sa Australia ang suporta sa ilalim ng Programa. Nag-aalok ang pagbabagong ito ng mas malaking kakayahang umangkop sa mga biktima ng pagtatrapiko at may katiyakan sa mga biktima na may balidong visa sa pagkakasangguni sa Programa na hindi madedehado sa kadahilanang kailangang humiling na ikansela ang kanilang mga visa upang makatanggap ng pangalawang panig ng suporta.

2. Pagpapalawak sa Sangay ng Pagtatasa (Assessment Stream) at Bridging F visa magmula sa hanggang 30 araw patungong hanggang sa 45 araw.

Noong nakaraan, nabibigyan ang mga biktima ng pagtatrapiko ng Bridging F visa na may kairalan hanggang sa 30 araw at pasok sa Programa sa paunang Sangay ng Pagtatasa (Assessment Stream), sa 30 araw din.Magagamit na ngayon ang suporta sa ilalim ng Sangay ng Pagtatasa (Assessment Stream) ng Programa ng 45 araw sa lahat ng pinaghihinalaang mga biktima na mayroong balidong visa. Kung iligal ang tao mabibigyan sila ng Bridging F visa na 45 araw.

Nagbibigay ito ng pinalawak na panahon ng pagpapagaling at oras para sa mga biktima upang tasahin ang kanilang mga mapagpipilian. Magagamit na rin sa ngayon ang buong Sangay ng Pagtatasa (Assessment Stream) sa lahat ng mga biktima ng pagtatrapiko ng tao, nang hindi kaugnay ng kanilang kagustuhan at kakayahang tumulong sa pagsisiyasat at pag-uusig ng-isang paglabag sa pagtatrapiko ng mga tao.

3. Isang takdang-panahong abot ng 90 araw na tulong sa mga biktima na pumapayag ngunit hindi magawang makatulong sa pagsisiyasat at pag-uusig ng isang paglabag sa pagtatrapiko ng mga tao.

Noong nakaraan, ang mga biktimang hindi nakatulong sa pagsisiyasat at pag-uusig ng isang paglabag sa pagtatrapiko ng mga tao ay natulungang bumalik sa kanilang bansang pinagmulan, maliban kung magagawa nilang matugunan ang pamantayan ng isa pang visa na pinapayagan silang manatili sa Australia. Sa ilalim ng mga bagong kaayusan, ang mga biktima ng pagtatrapiko na pumapayag, ngunit hindi magawang lumahok sa proseso ng hustisya sa krimen ay maaaring maging karapat-dapat ng hanggang sa 90 araw na suporta sa ilalim ng Programa (45 araw na suporta sa ilalim ng Sangay ng Pagtatasa (Assessment Stream) at 45 araw na suporta sa ilalim ng bagong Pinalawak na Sangay ng Masinsing Suporta (Extended Intensive Support Stream). Itong pinalawak na tagal ng panahong pagsuporta ay naipagkakaloob nang depende sa kaso at idinisenyo upang magbigay ng karagdagang tulong sa mga biktimang dumaranas ng mga medikal na kundisyon tulad ng trauma. Kung walang balidong visa ang pinaghihinalaang biktima, maaari ding ipagkaloob ang pangalawang Bridging F visa ng hanggang sa 45 araw.

4. Isang 20 araw na takdang panahon ng pagbabagong-kalagayan para sa mga biktimang papaalis sa Programa.

Sa ilalim ng nakaraang kaayusan, ang mga biktima ng pagtatrapiko na umalis sa Programa ay nabigyan ng tulong sa pagbabagong-kalagayan sa basehang di-pormal. Ginawang pormal na ang kaayusang ito upang matiyak na nabibigyan ng nauugmang antas ng serbisyo ang lahat ng mga biktimang nasa Programa.

5. Ang pagtitiklop sa pansamantala at permanenteng mga visa ng Proteksyon sa Saksi (Pagtatrapiko) (Witness Protection (Trafficking) visas) upang maging isang permanenteng visa na kabilang ang mga direktang miyembro ng pamilya parehong nasa loob at labas ng Australia.

Noong nakaraan, maaaring naanyayahan ang biktima ng pagtatrapiko upang mag-apply para sa visa ng Proteksyon sa Saksi (Pagtatrapiko) [Witness Protection (Trafficking) (Temporary) visa] kung nakatulong sila nang makabuluhan at puspusang nakipagtulungan sa pagsisiyasat o pag-uusig kaugnay ng pagtatrapiko at manganganib kung uuwi sila sa tahanan. Makakasama sa paanyaya ang kanilang mga malapit na miyembro ng pamilya sa Australia at ibinibigay ang pansamantalang visa para sa panahon ng tatlong taon, na ipoproseso ang pangpermanenteng visa sa pagsisimula ng ikatlong taon. Inalis na sa ngayon ang pansamantalang visa mula sa Balangkas ng Visa (Visa Framework) at ang mga biktima ng pagtatrapiko sa halip ay magagawa ng anyayahan nang direktang mag-apply para sa permanenteng visa. Ang kanilang mga direktang miyembro ng pamilya, parehong nasa loob at labas ng Australia ay maisasama na ngayon sa paanyaya.

6. Pagpapababa sa hangganan para sa pagbibigay ng Sertipiko ng Proteksyon sa Saksi (Pagtatrapiko) (Witness Protection (Trafficking) Certificate) mula sa pagkakadulot ng "makabuluhang pakikipagtulungan " papunta sa pagkakadulot ng "pakikipagtulungan " sa isang pagsisiyasat.

Noong nakaraan, dapat na bigyan ng Sertipiko ng Proteksyon sa Saksi (Pagtatrapiko) (Witness Protection (Trafficking) Certificate)ang mga biktima ng pagtatrapiko mula sa Attorney-General upang maging karapat-dapat para sa visa ng Proteksyon sa Saksi (Pagtatrapiko) (Witness Protection (Trafficking) visa). Maibibigay ang isang Sertipiko kung saan nakadulot ng makabuluhang pakikipagtulungan ang isang tao, at puspusang nakipagtulungan sa isang pag-uusig ng paglabag sa pagtatrapiko, o sa isang pagsisiyasat ng paglabag sa pagtatrapiko na hindi nagtuloy sa paglilitis. Sa ilalim ng mga bagong kaayusan, ang hangganan para sa pagbibigay ng Sertipiko ay pinababa mula sa pagkakadulot ng 'makabuluhang pakikipagtulungan ' papunta sa 'pakikipagtulungan'.

7. Pagsisimula ng mas maaga sa proseso para sa visa ng Proteksyon sa Saksi (Pagtatrapiko) (Witness Protection (Trafficking) visa) kaysa sa naisakatuparan na ang proseso ng pag-uusig sa pamamagitan ng pagtatakda ng isang pamamaraang kusang aandar.

Sa ilalim ng nakaraang mga kaayusan , ang mga biktima ng pagtatrapiko at ang kanilang mga direktang miyembro ng pamilya na nasa loob ng Australia ay inaanyayahan upang mag-apply para sa visa ng Proteksyon sa Saksi (Pagtatrapiko) (Witness Protection (Trafficking) visa) pagkatapos na naipatupad ang proseso ng pag-uusig. Mula ika-1 ng Hulyo 2009, ang mga biktima ng pagtatrapiko at ang kanilang mga direktang miyembro ng pamilyang parehong nasa loob at labas ng Australia ay magagawang anyayahang mag-apply ng mas maaga para sa visa ng Proteksyon sa Saksi (Pagtatrapiko) (Witness Protection (Trafficking) visa) sa proseso ng hustisya sa krimen sa ilalim ng isang pamamaraang kusang aandar.